

Ang Delta Variant ng COVID-19

Ano ang Delta Variant?

Ang Delta Variant ay ang bersiyon ng virus na ngayon ay ang nangingibabaw na variant ng COVID-19 na nakikita sa United States. Mayroon itong pagbabago sa istruktura ng virus nito na ginagawang mas madaling hawaan ang mga tao kumpara sa iba pang variant.



Ano ang mga sintomas ng Delta Variant?

Ang mga sintomas ng Delta ay hindi ibang-iba sa iba pang bersiyon ng virus; gayunpaman, maaaring magdulot ang mga iyon ng mas mabilis na pagkakaroon ng sakit ng mga tao. Maaaring kasama sa mga sintomas ang ubo, pangangapos ng hininga, lagnat, panginiging, pananakit ng kalamnan, sakit sa ulo, masakit na lalamunan, at bagong kawalan ng panlasa o pang-amoy.



Sino ang nasa panganib na magkasakit o maospital dahil sa Delta Variant?

Mas mataas ang panganib na mahawaan ng Delta Variant at magkasakit o maospital ang mga hindi nabakunahang tao.



Ano ang pinakamainam na paraan para protektahan ang iyong sarili mula sa Delta Variant?

Ang pagpapabakuna ang pinakamainam na paraan para protektahan ang iyong sarili mula sa pagkakasakit dahil sa COVID-19 at mula sa pagpasa ng virus sa iba pang tao.



Protektahan ang iyong sarili at ang iba pang tao:

MAGPABAKUNA

Magpabakuna at kumpletuhin ang iyong pangalawang dosis sa lalong madaling panahon! Maghanap ng appointment sa www.Othena.com, o tumawag sa Hotline ng OC para sa COVID-19 para sa tulong sa 714-834-2000.

MAGPASURI

Magpasuri kung nakakaranas ka ng mga sintomas na katulad ng sa COVID (ubo, tumutulung sipon, lagnat) nabakunahan ka man o hindi o kung nag-aalala kang nagkaroon ka ng malapit na pakikisalamuha sa ibang taong may COVID-19:

- Makipag-ugnayan sa iyong lokal na Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan o mag-order ng kit para i-test ang iyong sarili sa bahay:
<https://ocovid19.ochealthinfo.com/covid-19-testing>
- Manatili sa bahay kung may sakit ka
- Sundin ang mga rekomendasyon sa pagsusuri sa trabaho/ paaralan



Epektibo ba laban sa Delta Variant ang mga bakuna sa COVID-19 na mayroon tayo?

Oo, lahat ng kasalukuyang available na bakuna sa United States ay nagpapababa sa posibilidad na makakuha ng Delta Variant o anumang iba pang variant ng COVID-19, magkaroon ng lubhang sakit, maospital, o mamatay.



Maaari bang maihawa ng mga nabakunahang taong may impeksiyon ng Delta Variant ang sakit?

Ang mga indibidwal na ganap na nabakunahan ay may higit na mababang posibilidad na magkaroon ng impeksiyon at maikalat ang virus sa iba pang tao; ang mga nabakunahang tao na nagkaroon ng COVID-19 ay may higit na mababang posibilidad na magkaroon ng malalang sakit. Ang mga nabakunahang tao na nagkaroon ng malapit na pakikisalamuha sa iba pang taong may mas mataas na panganib na magkasakit (mga taong may mahinang immune system, hindi nabakunahan) o na may mataas na panganib na magkasakit ay dapat na magsagawa ng higit pang pag-iingat.

UMIWAS

Gawin ang iba pang pag-iingat para limitahan ang panganib na magkaroon ng COVID-19 o maikalat ito:

- Magsuot ng mask sa loob ng mga gusali sa mga pampublikong espasyo
- Iwasan ang matataong lugar
- Panatilihin ang pisikal na distansiya kapag nasa mga lugar na hindi mabuti ang bentilasyon
- Regular na hugasan ang iyong mga kamay/gumamit ng sanitizer ng kamay

I-scan ang mga sumusunod na QR code sa iyong mobile phone para sa higit pang impormasyon tungkol sa:



Pagsusuri

Impormasyon Tungkol sa Bakuna



Bisitahan ang COVIDVaccineFacts.com para alamin ang tungkol sa mga balita sa bakuna. Para sa higit pang impormasyon sa Delta Variant, tingnan ang mga sanggunian:

Centers for Disease Control and Prevention: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/variants/delta-variant.html>

Kaiser Permanente: <https://healthy.kaiserpermanente.org/northern-california/health-wellness/coronavirus-information/vaccine-learn/delta-variant>

University of Minnesota: <https://nrcrim.org/vaccines/conversation-guides/conversation-guide-delta-variant>